# Ang Tinapay Ng Buhay



## Lingguhang Pagkain

Issue 7



**"Ngunit kung kulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan; sapagkat ang Diyos ay saganang magbigay at di nanunumbat."** **Santiago 1:5**

## ANG MATALINONG TAGA-SUNOD

**"Kung ang isa sa inyo'y nagbabalak magtayo ng tore, hindi ba uupo muna siya at tatayahin ang magugugol para malaman kung may sapat siyang salaping maipagpapatapos niyon? Baka mailagay ang mga pundasyon ngunit hindi naman maipatapos – siya'y kukutyain ng lahat ng makakikita nito. Sasabihin nila: 'Nagsimulang magtayo ang taong ito pero hindi naipatapos.' O sinong hari ang hindi muna uupo at pag-aaralang mabuti kung ang 10,000 niyang kawal ay maisasagupa sa kalaban na may 20,000 tauhan? At kung hindi niya kaya, malayo pa ang kalabang ay magsusugo na siya ng mga kunatawan upang makipagkasundo. Gayun din naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman, kung hindi niya tatalikdan ang lahat sa kanyang buhay. Mabuti ang asin. Ngunit kung ito'y nawalan ng lasa, hindi na ito mapaaalat uli. Walang kabutihang maibibigay sa lupa ni sa tambakan man ng dumi na kinukunan ng pataba. Kaya't ito'y itinatapon na lamang ng mga tao. Makinig ang may pandinig!" (Lucas 14:28-35)**

Ang hukbong pandagat ay nangangailangan ng sapat na lakas. Kung ang isang tanggapan ay naghayag na nangangailangan sila ng mga bagong tauhan, inilalathala din nila ang dapat na katangian ng taong nababagay sa Gawain. Sinuman na magpatala sa ganitong Gawain ay kailangang maging handa at bukas ang isip na ang papasukan ay kakaiba sa nakasanayan niyang mundo. Matagal siyang mapapawalay sa kaniyang mga mahal sa buhay at gugugol siya ng panahon sa gitna ng karagatan. Dapat din siyang handa sa mga panganib na kanyang susuungin at pakikipagsapalaran sa dagat. Kaya hindi ito ang isang madaliang pagdedesisyon. Bagkus, nagangailangan ito ng masusin pag-iisip at panalangin upang maging bukal sa puso ang pagsanib at matantong karapat-dapat sa gawaing ito.

Ang piling mga talata ay mula sa Salita ni Jesus habang sinusundan Siya ng maraming tao. At sa paghahanap Niya ng matapat na taga-sunod, sinabi Niya ito bilang alituntunin upang maging tunay at makisig Niyang alagad. Nagturo Siya noon at magpahanggang ngayon ay nagtuturo pa rin siya sa atin. Ang mga sumusunod ay mga panuntunan kung papaano tayo makakaganap at maging matalinong alagad o taga-sunod:

1. **Ang alagad ni Jesus ay hindi pangkaraniwang tao:** Walang higit na papuring tinanggap ang mga alagad ni Jesus, ngunit inihalintulad sila ng Panginoon, una, sa taong natatayo ng tore. Dapat siya ay hindi tulad ng pangkaraniwang manggagawa lamang, sa halip ay laging maging handa at ugaliing maging karapatdapat. Ikalawa, inihalintulad sila sa hari na namumuno para sa digmaan. Kailanman siya ay hindi pangkaraniwang tao maging anuman ang kanyang katayuan. Kung gayun, sa pagiging alagad ni Jesus na ating Mananakop at Tagapagligtas, huwag mong isipin na ikaw ay isa lamang na pangkaraniwang nilalang. Sa mata ng Diyos ikaw ay tunay na Kanyang minamahal dahil pinili mong sundan ang yapak ng Kanyang bugtong na Anak.

2. **Ang alagad ni Jesus ay binibigyan ng dakilang Gawain:** Ang isang alagad ay tagapagtayo at tagapagdigma. At hindi ito isang madalian Gawain na kaloob ng Diyos. Ikaw na Kanyang alagad, ang isang kamay mo ay magtatayo ng tore at ang kabila ay makikibaka sa digmaan.

3. **Ang alagad ni Jesus ay gumagamit ng kaalaman at dunong:** Bilang isang alagad, ikaw ay kailangang maupo at tayahin ang bawat ikikilos. Nais ng Panginoong Jesus na ikaw na Kanyang alagad ay maging matalino sa bawat bagay. Hindi isang tagasunod na puno ng emosyon at pinangungunahan ng maramdaming puso at madaling maligaw. Alam mob a kung gaanong panahon, lakas, at salapi ang dapat mong gugulin? Kaya ka Niya pinaaalalahanang maupo at magtaya dahil naghahanap Siya ng alagad na may dunong at marunong magplano, magtaya at gumawa. Ibig ng Panginoon na Ikaw na Kanyang alagad ay alam mo ang oras ng paghahanda, pakikidigma, at oras para ipahayag ang kapayapaan at pagtatagumpay.

4. **Ang alagad ni Jesus ay napagsisino ang kaaway:** Si Jesus ay Panginoon, Hari at Manunubos. Kanya nang pinagtagumpayan ang kamatayan. Bilang Kanyang alagad makikipagdigma ka sa kapangyarihan ng kadiliman.

5. **Ang alagad ni Jesus ay lagging tapat hanggang wakas:** Ibig ni Jesus na ang Kanyang alagad ay may hustong kakayahan, kaalaman, paninindigan at handing tapusin ang itinatayong tore. Ibig Niyang ikaw ay maging matapang, matatag, at may kakayahang tapusin ang anumang pakikipaghamok na iyong kakaharapin.

6. **Ang alagad ni Jesus ay hindi dapat kutyain:** Ayaw ng Diyos na ang Kanyang mga alagad ay kunukutya ng karamihan. Ito ang tanong: Sino ang susugod sa digmaan na pagdating sa kalagitnaan ay tatakbo? Nagalak ng Makita ang disenyo ng itatayong tore, nagtayo ng pundasyon ngunit pagkatapos ay iniwanan? May init siya sa pasimula ngunit biglaang manlamig! Ang alagad na ito ay pagtatawanan at kukutyain. Ngunit ipinagmamalaki ng Panginoon ang Kanyang mga alagad. Ayaw Niya na sila ay kukutyain. Kaya't, "**Sinabi sa kanya ni Jesus, ang sinumang nag-aararo at palaging lumilingon ay hindi karapat-dapat sa paghahari ng Diyos." (Lucas 9:62)**
7. **Alam ng alagad ni Jesus ang halaga:** Alam ng mga sundalo ang kahalagahan ng kanilang misyon na katumbas ng kanilang paghihirap. Ang kanilang buhay ay hindi na kanila kundi sa serbisyong kanilang sinaniban. Sa pagiging alagad ni Jesus dapat mong malaman na ito'y katumbas ng iyong pagpapakasakit na mapalayo sa iyong nakasanayang buhay material at personal. **"Ang sinumang hindi magpasan ng sariling krus at sumunod sa Akin ay hindi maaaring maging alagad Ko." (Lucas 14:27)** Ang mga makasariling isipan, madalian pagkalingat, mabilisang pagbabago ng isip at gawa ay mga katangian ng mga taong mahihina. Hindi ito dapat taglayin ng mga alagad ni Jesus.

Maaaring alam na natin ang mga panuntunang nabanggit ngunit kailangan natin ang karunungan upang masunod ang mga ito. Kailangan natin ang magbago sa ating pag-iisip na pangkatauhan at sumunod ng naaayon sa kaisipan ng ating Panginoong Jesus. Mauunawaan natin ang ibig na ipabatid na katuruan kung tatalikdan natin ang ating dating buhay. At doon natin maranasan ang Kanyang inilaan para sa atin kung tayo'y mag-iisip ng tulad Niya at makakakita ng tulad Niya. **"Gayon din naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman, kung hindi niya tatalikdan ang lahat sa kanyang buhay." (Lucas 14:33)**

Tinawag ni Jesus ang pansin ng Kanyang mga alagad sa kung papaano sila dapat mamuha. Ngunit paano tatanggapin ng mga tao si Jesus kung mismong ang Kanyang mga alagad ay hindi sumusunod? Ganoon din ang asin. Ano pa ang silbi nito kung wala na itong alat. At ano ang halaga ng pagiging alagad kung hindi nya alam kung kalian sisimulan at tatapusin ang kanyang dapat na gampanan?

*Mga minamahal:* Ang mga Hukbong Pandagat ay hindi kikilos para sa Gawain hangga't hindi nila nasusubukan ang kanilang kakayahan. At katulad sa larong chess. Maaaring marami kang hakbang na ginagawa ngunit nababawasan ka ng tauhan. Iyong isa-isip, nagwawagi ang manlalarong napapanatili niya ang kanyang hari hanggang sa huling sandal. Pagpalain ka ng Diyos!